# PAGGAWA NG PLANO NG AKSYON

**2**
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Bakit at Paano?
- Ang Mga Bahagi ng Plano
- Mga Pamamaraan sa Pananaliksik

## MGA LAYUNIN

Masuri ng mga estudyante ang kapakinabangan ng isang plano ng aksyon.

Masuri ng mga estudyante ang mga bahagi ng isang plano ng aksyon.

Matutunan ng mga estudyante ang iba't ibang paraan ng pananaliksik para makumpleto ang isang plano ng aksyon.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Mga magasin o pahayagan na may mga larawan na maaaring putulin ng mga estudyante (Bahagi II)
- Mga gunting, glue (Bahagi II)
- Poster board (Bahagi II)

- Mga kopya ng dalawa o tatlong artikulo at/o mga sipi sa aklat na nauugnay sa mga paksa ng proyekto ng mga estudyante (Bahagi III)
- Isang kopya ng isang kilalang kuwento o tula (Bahagi III)

# Bahagi I: Bakit at Paano?

Layunin: Tukuyin at suriin ng mga estudyante ang kapakinabangan ng isang plano ng aksyon.

**1. Malaman ng mga estudyante ang isang "laro" ng sports bilang plano ng aksyon.**

Sa pisara, tagubilinan ang isang atletang estudyante o coach na mag-diagram ng "laro" na magagamit sa panahon ng kumpetisyon sa sports. Hilingin ang mga boluntaryo na ipaliwanag kung ano sa tingin nila ang iginuhit. Kunin ang pag-unawa na ang diagram ay isang balangkas ng laro na maaaring gamitin ng isang koponan sa laro. Tiyaking pamilyar ang mga estudyante sa pamamaraan ng coaching na ito, pagkatapos ay hilingin sa kanila na ipaliwanag kung bakit sa tingin nila maaaring maging kapaki-pakinabang ito. Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na ang pag-diagram ng isang laro ay nagbibigay sa mga manlalaro ng plano at estratehiya sa kung anong aksyon ang gagawin.

**2. Pagtalakayan ng mga estudyante ang analogy sa isang plano ng aksyon.**

Hilingin ang mga estudyante na pagtalakayan ang iba pang sitwasyon kung saan maaaring maging kapaki-pakinabang ang isang partikular na set ng mga tagubilin. (Maaaring itugon ng mga estudyante: mga tagubilin sa pagpunta sa isang lugar, pag-aayos ng isang bagay, isang putahe sa pagluluto.) Ipaliwanag na ang isang plano ng aksyon at ang layunin nito ay katulad ng kanilang nabanggit.

**3. Makapagbalangkas ang mga estudyante ng mga elemento ng isang plano ng aksyon.**

Hikayatin ang mga estudyante sa isang mas partikular na talakayan tungkol sa kung ano ang bumubuo sa plano ng aksyon at kung bakit kapaki-pakinabang ito. Kunin ang mga sumusunod na ideya:

- Inilalarawan ng plano ng aksyon kung ano ang ninanais na resulta.

- Inilalarawan ng plano ng aksyon kung anong mga resource ang available at kung alin ang kailangang makuha para makumpleto ang proyekto.
- Binabalangkas ng isang plano ng aksyon ang iskedyul at time line sa pagkumpleto ng proyekto.
- Ibinabalangkas ng isang plano ng aksyon ang mga hakbang na dapat gawin upang makumpleto ang proyekto.

# Bahagi II: Ang Mga Bahagi ng Plano

Layunin: Masiyasat ng mga estudyante ang impormasyong dapat isama sa plano ng aksyon.

**1. Suriin ng mga estudyante ang kahulugan ng isang hangarin.**

Suriin kasama ng mga estudyante ang konsepto ng pagtatakda ng hangarin, at ang kahulugan ng hangarin bilang pangarap o plano na kayang tantiyahin at may time line para makumpleto.

**2. Tukuyin ng mga estudyante ang mga hangarin ng proyekto.**

Imbitahan ang isang boluntaryo na isulat sa pisara ang paksa ng proyekto sa pagkatuto sa pamamagitan ng paglilingkod. Hilingin sa mga estudyante na tukuyin kung makatotohanan at kayang tantiyahin ang pagkumpleto ng proyektong ito. Kung ang hangarin ay hindi malinaw sa isinulat ng estudyante, talakayin sa mga estudyante kung paano gawing makatotohanan at matatantiya ang hangarin (hal., tukuyin kung gaano karaming tao ang maaabot, kung gaano kalaking espasyo ang maaapektuhan, at iba pa).

**3. Makita ng mga estudyante ang mga elemento ng kanilang proyekto upang maorganisa ang kanilang plano ng aksyon.**

Tagubilinan ang mga estudyante na bumuo ng maliliit na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng poster board, mga magasin, mga pahayagan, mga gunting, at pandikit. Isulat sa pisara ang sumusunod: “Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Paano?”

Tagubilinan ang bawat grupo na ilarawan sa isipan ang natapos na proyekto sa pagkatuto sa pamamagitan ng paglilingkod, na iniisip ito sa kanilang imahinasyon nang detalyado. Sabihin sa mga estudyante na habang naglalarawan sila sa kanilang isipan, dapat nilang isaalang-alang ang mga tanong na isinulat mo sa pisara at gumawa ng mga collage na naglalarawan ng mga sagot sa mga tanong na iyon. Maaari mong hilingin sa mga estudyante na i-annotate ang kanilang mga collage na may mga nakasulat na listahan at mga paglalarawan.

Imbitahan ang bawat grupo na ipresenta at ilarawan ang iba't ibang bahagi ng kanilang mga collage. Himukin ang mga estudyante na organisahin ang kanilang mga tala sa ilalim ng mga heading ng mga ibinangong katanungan (Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Paano?). Habang ipinepresenta ng mga estudyante ang impormasyon, magtanong sa kanila ng gaya ng sumusunod upang makuha ang mas espesipikong impormasyon:

- Sino talaga ang gagawa niyan?
- Kailan mangyayari iyan batay sa pagkakasunud-sunod ng mga hakbang?
- Ano ang kailangang mangyari bago iyon?

Kung hindi makasagot sa tanong ang mga estudyante, himukin silang isulat ang tanong sa ilalim ng angkop na heading at ipaliwanag na kailangan nilang magsaliksikupang makita ang sagot.

Paalalahanan sila na ilipat ang impormasyong ito sa papel o poster board, dahil gagamitin nila ito para pormal na isulat ang kanilang plano ng aksyon.

# Bahagi III: Mga Pamamaraan sa Pananaliksik

Layunin: Matalakay ng mga estudyante ang iba't ibang pamamaraan sa pananaliksik.

**1. Talakayin ng mga estudyante ang pangangailangan para sa pananaliksik.**

Hilingin sa mga estudyante na talakayin kung ano ang gagawin nila kung ibinaba mo sila sa gitna ng isang bayan na hindi pa nila napuntahan, at sinabi sa kanila na humanap ng paraan para mahanap ang daan pauwi nang walang mapa. Kunin sa kanila ang ideya na kung paano mas madaling makahanap ng daan sa isang hindi pamilyar na lugar gamit ang mapa para makakuha ng impormasyon tungkol sa kanilang lokasyon, malamang na magiging mas matagumpay ang mga estudyante sa kanilang proyekto sa pagkatuto sa pamamagitan ng paglilingkod kung kukuha sila ng impormasyon tungkol sa paksa at matutunan kung paano matagumpay na makumpleto ang isang proyekto. Gabayan sila na maunawaan na ang pananaliksik ang pinakamahusay na paraan para makahanap sila ng kapaki-pakinabang na impormasyon.

**2. Talakayin ng mga estudyante ang mga pangunahin at sekondaryang resource.**

Tagubilinan ang mga estudyante na makipagpares sa kaklase na kanilang kinapanayam sa takdang-aralin na binanggit sa simula ng araling ito. Tagubilinan ang bawat pares na sumama sa isa o dalawa pang pares para makalikha ng mga grupo na may tig-apat hanggang anim na estudyante. Hilingin sa bawat estudyante na ilabas ang artikulo na kanilang natapos para sa takdang-aralin. Imbitahan ang mga estudyante na umupo sa bilog at ipasa ang mga artikulo na isinulat nila sa indibidwal sa kaliwa nila, na magbabasa naman ng artikulo. Ituloy ang prosesong ito hanggang sa mabasa ng mga estudyante ang bawat artikulo sa kanilang mga grupo. Himukin ang mga estudyante na sumulat ng mga tala tungkol mga artikulo kung gusto nila.

Tagubilinan ang mga estudyante na magsalitan na makapanayam ng kanilang mga grupo tungkol sa kung paano nila ginugol ang kanilang huling bakasyon mula sa paaralan. Himukin ang mga grupo na magtanong at sumali sa detalyadong talakayan tungkol sa karanasan ng bawat estudyante.

Kapag nakapanayam na ng kanilang mga grupo ang lahat ng estudyante, itanong sa buong klase ang mga sumusunod na tanong:

- Pagkatapos mong basahin ang mga artikulo tungkol sa mga karanasan ng mga kaklase mo, iiniisip mo bang alam mo na ang lahat ng detalye ng kanilang bakasyon?
- Pagkatapos makapanayam ang mga kaklase mo, iniisip mo ba na alam mo na ang lahat ng detalye?
- Kung bibigyan kita ng gawain na magplano ng bakasyon at sinabihan kita na magsaliksikkung anong uri ng bakasyon ang ginawa ng iba, babasahin mo ba ang mga artikulo tungkol sa kanilang mga karanasan o kakausapin sila mismo?

**3. Isaalang-alang ng mga estudyante kung paano hanapin ang mga pangunahin at sekondaryang resource.**

Itanong, "Kung naghahanap ka ng impormasyon tungkol sa karanasan ng isang indibidwal sa pagkatuto sa pamamagitan ng paglilingkod, babasahin mo ba ang ulat ng ibang indibidwal tungkol sa nangyari o kakausapin ang indibidwal na talagang naroon?" Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag ang dahilan ng kanilang mga sagot.

Ipaliwanag na ang mga pangunahing source ay ang mismong mga nakaranas sa impormasyon. Ang mga sekondaryang source, gaya ng mga aklat, pahayagan, at magasin, ay ang mga nagbibigay ng ulat na nakuha sa iba. Kunin sa mga estudyante ang ideya na ang mga pangunahing source ang pinakamahuhusay na source ng impormasyon at nagbibigay-daan sa mananaliksik na magtanong ng mga partikular na katanungan.

Hilingin sa mga estudyante na tukuyin ang mga paraan para makahanap sila ang pangunahing source na makapagsasabi sa kanila ng karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng paglilingkod o makasasagot sa mga tanong tungkol sa kanilang paksa. Isulat sa pisara ang mga resulta ng talakayan. (Maaaring itugon ng mga estudyante: gamitin ang phone book para mahanap at makaugnayan ang mga lokal na organisasyon ng komunidad.) Tulungan ang mga estudyante na makaugnayan ang mga lokal na organisasyon at isaayos na makabisita ang pangunahing source sa silid-aralan at makasali sa tanong-sagot na sesyon. Hikayatin ang mga estudyante na maagang

isaalang-alang kung anong eksaktong impormasyon ang nais nilang hanapin at mga katanungan na nais nilang masagot.

Ipaliwanag sa mga estudyante na bagaman ang mga sekondaryang source ay nagbibigay ng mga ulat ng impormasyon na nakuha sa iba, napakahalaga pa rin ng mga ito. Tanungin ang mga estudyante kung saan sila makakahanap ng mga sekondaryang source na magbibigay sa kanila ng impormasyong magagamit nila para sa kanilang proyekto. (Dapat banggitin ng mga estudyante ang pagbisita sa aklatan o paggamit ng internet.)

Magsaayos ng isang biyahe papuntang aklatan para makapagsaliksikang mga estudyante. Maaari mo ring talakayin ang mga pagkakataon para makapunta sila sa aklatan sa labas ng oras ng klase.

**4. Talakayin ng mga estudyante ang paggamit ng internet sa pagsaliksik.**

Tagubilinan ang mga estudyante na alamin kung paano at kailan nila gagamitin ang internet sa pananaliksik. Siguraduhing nauunawaan ng mga estudyante na, tulad ng mga libro o pahayagan, ang pananaliksik sa internet ay itinuturing na sekondaryang source, at dapat itrato ito sa gayunding paraan.

Paalalahanan ang mga estudyante na ang materyales na inilathala sa internet ay maaaring may mga batayang pagkakamali at/o maaaring hindi dokumentadong impormasyon. Dapat na maging maingat ang mga estudyante tungkol sa impormasyong mahahanap nila habang nagsasaliksik online.

**5. Talakayin ng mga estudyante ang mga mabisang paraan sa pananaliksik.**

Tanungin ang mga estudyante kung ang pagbabasa ng bawat salita ng isang pahayagan araw-araw para makahanap ng impormasyon tungkol sa kanilang proyekto sa pagkatuto sa pamamagitan ng paglilingkod ay magiging mabisang paggamit ng kanilang oras. Kunin sa mga estudyante ang ideya na ang pamamaraang ito ay masyadong nakakaubos ng panahon at hindi mabisa.

Ipaliwanag na may dalawang estratehiya na maaaring gamitin para sa mas mabilis at mas mabisang pananaliksik:

- Suriin ang talaan ng mga nilalaman at indeks ng resource upang makita kung saklaw nito ang paksa na nire-research mo.
- Pasadahan ang teksto, na mabilis na binabasa ang mga talata para mahanap ang mga naglalaman ng impormasyong kailangan mo.

Mamahagi ng mga kopya ng dalawa o tatlong artikulo at/o mga sipi ng aklat na may kaugnayan sa paksa ng proyekto ng mga estudyante. Bigyan ang mga estudyante ng limang minuto para basahin ang teksto para sa mahalagang impormasyon. Pagkatapos, pangunahan ang talakayan tungkol sa impormasyong natipon nila sa panahong iyon.

**6. Maunawaan ng mga estudyante ang kahalagahan ng pagbanggit ng kanilang mga source.**

Sabihin sa mga estudyante na gusto mong malaman ang opinyon nila sa isang kuwento o tula na isinulat mo kamakailan. Pagkatapos, basahin nang malakas ang maikling talata mula sa kilalang kuwento o tula. Tanungin ang mga estudyante kung sa tingin nila maganda ang gawa mo. Kung hindi ka nila sinasalungat, tanungin ang mga estudyante kung talagang naniniwala sila na ikaw ang may-akda ng kuwento o tula.

Kapag nakilala ng mga estudyante na hindi ikaw ang nagsulat ng kuwento o tula, hilingin sa kanila na magbigay ng kanilang opinyon tungkol sa ginawa mo (na inaangkin na ikaw ang may-ari ng isinulat ng iba). Tanungin ang mga estudyante kung ano ang gagawin at iisipin nila kung inangkin ng iba ang kanilang gawa.

Ipaliwanag na kung makahanap ang mga estudyante ng impormasyon sa kanilang pananaliksik na nais nilang tandaan o isulat, kailangan nilang kilalanin ang source na kanilang pinagkuhanan nito, kasama ang pangalan ng resource, pangalan ng may-akda, petsa ng paglathala, at ang pahina kung saan nakita ang impormasyon. Sa pisara, gumawa ng form na gusto mong gamitin ng mga estudyante para sa mga citation.